

TO:

Mr. Francisco Duque III
Secretary, Department of Health
Chief delegate, World Health Assembly

Mr. Evan P. Garcia
Ambassador, Permanent Representative, Geneva
Deputy chief delegate, World Health Assembly

Dr. Mario C. Villaverde
Undersecretary, Health Policy and Systems Development Team, Department of Health
Delegate, World Health Assembly

CC: The Sovereign People of the Philippines

CC: The WHO and the United Nations

Ang WHO ay nag nanais na agawin ang ating soberenya sa larangan ng Kalusugan sa pamamagitan ng pag amyenda sa Pandaigdigang Regulasyon sa Kalusugan (International Health Regulations).

Ang soberenya ng ating bansa ay nanganganib. Lingid sa kaalaman ng nakakarami sa buong daigdig, Ang World Health Organization ay nagbabalak na magpasa ng Pandaigdigang Kautusan sa panahon ng pandemya na magbibigay sa kanila ng buong kapanyarihan na ma kontrol ang Pandaigdigang Agenda sa Kalusugan. Ang panimulang hakbang ng pag agaw ng kapangyarihan ay kasalukuyang nangyayari sa isinasagawang pag amyenda sa International Health Regulations sa Mayo 22-28, 2022 ng World Health Assembly.

Ang International Health Regulations na pinagtibay ng 194 kasaping mga bansa ng World Health Organization noong 2005, ay kumikilala sa kasarinlan ng mga bansa at ang kahalagahan ng mga lokal na pagtugon sa panahong may pandemya at iba pang malaganap na sakit. Subalit ito ay nais nilang baguhin.

Mayor na Isyu na dapat maunawaan

Sa ilalim ng panukalang pag amyenda ang buong kapangyarihan ay ibinibigay sa WHO Regional Directors na mag deklara ng “Public Health Emergency of Regional Concern” (PHERC), habang ang WHO Director-General ay may kapangyarihan na magbigay ng “Immediate Public Health Alert” (IPHA).

Sa pinakaubod nito, ang panukalang pag amyenda ay patungon sa pagtatayo ng isang sentralisadong istruktura para sa pandaigdigang pagmamanman, pag uulat at pangangasiwa. Ito ay magpapatupad ng isang uri ng pamamahala kung saan ang publiko ay mawawalan ng oportunidad na magbigay ng impormasyon o kritisismo kaugnay ng pag amyenda.

Ito ay tahasang paglabag sa batayang prinsipyo ng demokrasya at maaring ituring na hiwalay na kasunduan sa panahon ng pandemya. (Basahin ang artikulo tungkol sa pandaigdigang Kasunduan sa panahon ng pandemya ng WHO, “World Council for Health Sounds Alarms WHO’s pandemic treaty initiative”).

Gayundin, ang ganitong pagkontrol ay labag sa pundamental na nilalaman ng pangkomunidad at lokal na programang pangkalusugan at binabalewala ang mga prinsipyo na nagtataguyod ng indibidwal na karapatan at awtonomiya kung saan nakabatay ang konstitusyon ng WHO.

Pagsusuma ng mga piling panukalang amyenda sa IHR[1]

Nais amyendahan ng WHO ang 13 artikulo: 5, 6, 9, 10, 11, 12, 13, 15, 18, 48, 49, 53, 59

- Malawakang pagmamanman: Sa ilalim ng Artikulo 5, Ang WHO ay bubuo ng pamantayan para sa pagbibigay ng maagang babala upang sila ay magsagawa ng ebalwasyon ng panganib (risk assessment) sa mga kasaping bansa; ito ay maaring gamitin bilang modelo, imitasyon, at prediksyon na maaring magpalala ng panganib ng Covid-19 tulad ng nangyari sa nakaraang 2 taon. Kapag nagawa na ng WHO ang kanyang ebalwasyon, ito ay kanya ibabahagi sa inter-governmental organizations at ibang kasaping bansa.
- 48- oras na palugit: Sa ilalim ng Artikulo 6, 10, 11, and 13, ang kasaping bansa ay binibigyan ng 48 oras para sagutin ang WHO na ebalwasyon sa panganib (risk assessment) at tanggapin o i-reject ang tulong. Subalit, sa karanasan, ang nakasaad na oras ay maaring umikli, kung saan maaring mapwersa ang bansa na sumunod o harapin ang hindi pagsang-ayon ng buong mundo sa pangunguna ng WHO at mga posibleng kalabang bansa.
- Sikretong impormasyon: Sa ilalim ng Artikulo 9, hindi kailangang ipaalam ng WHO ang pinagmulan ng kanyang impormasyonkung saan maari nitong gamitin para magdeklara ng public health emergency. Kabilang sa kanyang mga impormante ang malalaking Pharmaceutical, mga nagpo pondo sa WHO tulad ng Bill Gates Foundation at ang GAVI

Alliance na itinayo at pinondohan ng Gates Foundation, gayundin ang iba pang naghahangad na makontrol ang kapangyarihan.

- Pagpapahina ng soberenya: Sa ilalim ng Artikulo 12, sakaling makakuha ang WHO ng impormasyon kaugnay ng panganib sa kalusugan ng kasaping bansa, ang Direktor General ay maaaring (hindi kailangan) kumunsulta sa WHO Emergency Committee at kasaping bansa. Subalit sya rin ay pwedeng magdeklara ng potensya o aktwal na panganib sa kalusugan na may epekto sa buong mundo. Kayang palitan ng awtoridad ng Director General ang awtoridad ng mga bansang magpasya. Ito ay maaring magamit para makapag bigay ng restriksyon o parusa sa mga bansa.
- Pag reject sa amyenda: Sa ilalim ng Artikulo 59, matapos sang ayunan ng World Health Assembly ang mga amyenda, ang kasaping bansa ay may 6 na buwang para i-reject ito. Ibig sabihin, sa Nobyembre ng taong ito. Kapag ang kasaping bansa ay hindi kumilos, nangangahulugan ito na tinatanggap nila ang lahat ng mga amyenda. Anumang di pag sang-ayon o reserbasyon na matanggap ng Director-General matapos ang itinakdang panahon ay walang pwersa o epekto.

Bakit kailangan nating sama-samang kumilos

Hindi lingid sa atin ang korupsiyon sa WHO, at ito ay malalim na nakaugat (sa documentary video noong 2015 na Trust WHO, ang dating Director-General na si Margaret Chan Fung Fu-Chun ay nagsiwalat kung paano nakompromiso ang Misyong ng WHO dahil sa pagtanggap ng pribadong pondo. Gayundin, basahin ang WHO insider blows whistle on Gates and GAVI global health dictatorship).

Habang ang sariling dokumento ng WHO na tumutukoy sa kahalagahan ng “pormasyon, pagsasaayos, pagpapabuti at pagpapatupad ng bago o dating mekanismo para sa sama-samang pangangasiwa sa kalusugan upang matiyak ang patas at malayang programa sa kalusugan; ang impormasyon kaugnay sa kung paano ipo-proseso ang pag-amyenda sa International Health Regulations ay nananatiling kumpidensyal. Sa toto lang, kung wala ang pag-aaral ng World Council for Health, wala tayong impormasyon kung sino na ang gagawa ng desisyon para sa ating bansa.

Sa ngayon, batid natin na ang pagkontrol particular sa usapin ng kalusugan, ay hindi lamang imoral, kundi mapanganib din. Sinumang organisasyon na magsasabi na sila ang tanging pinangmumulang ng katotohanan ay hindi dapat pagkatiwalaan.

Ang WHO ay nagbago na mula sa dating institusyon na dedikado para sa kalusugan ay naging tagapagbenta na ng gamot sa buong daigdig. Ito ay organisasyon na kontrolado ng iba't ibang industriya. Ang interes nito ay hindi na kapareho ng ating interes.

Ang ating panawagan

Kami ay nananawagan sa ating pamahalaan na masusing pag aralan ang epekto ng pagpasa ng ating karapatang magpasya para sa kalusugan ng ating mamamayan sa mga awtoridad na hindi naman natin ibinoto at walang responsibilidad sa mamamayang Pilipino.

Kami ay nananawagan sa ating mga kinatawan sa World Health Assembly, Chief Delegate Mr. Francisco F. Duque III, Deputy Chief Delegate Mr. Evan P. Garcia, and Delegate Dr. Mario C. Villaverde na i-reject ang panukalang pag amyenda sa International Health Regulations. Dapat munang kunsultahin ng DOH ang mamamayang Pilipino sa mga usapin na sumasalungat sa ating Konstitusyon at may epekto sa kasarinlan ng ating bansa.

Kami ay nananawagan rin sa kapwa Pilipino na magsalita laban sa WHO sa pag agaw nito ng kapangyarihan at hingin ang pagbubuo ng alternatibong konsepto at modelo para sa kalusugan at panggagamot na naka batay sa totoong syensya at prinsipyadong regulasyon na nagtataguyod ng dignidad ng tao at respeto sa karapatang pantao.